



Sentro ng Aliwang Pambata o Frístundaheimili

Para sa kabataan mula 6-9 taong gulang (baitang 1-4)

Mga aktibidades sa Sentro ng Aliwang Pambata

- Naghahandog ng iba't-ibang organisadong programa at laro ang mga Sentrong ito. Tungkulin nito na mag-alok ng makabuluhang mga aktibidades upang pagyamanin ang kaisipan at pagiging malikahin ng mga bata.
- Ang mga proyekto, paksa at kolaborasyon ay nakadepende sa mga materyales at pondo ng bawat establisyemento. Marami din ang nakikipagtulungan sa ibang mga organisasyon sa loob ng kanilang distrito—katulad ng mga Sports Clubs—para makapag-alok ng mas marami at samot-saring mga aktibidades.
- Matututo ang inyong anak na magsalita ng wikang Icelandic sa pamamagitan ng pakikipag-laro at pagsali sa iba pang mga aktibidades.
- Mas marami din silang makikilalang batang kaedad nila.
- Makikilahok din at matututunan ng inyong anak ang makulay na kulturang pambata sa Iceland.
- Kailangan ipaalam ng mga magulang sa Sentro ng Aliwang Pambata kung hanggang anong oras matatapos ang anak dito at kung ang bata ay kinakailangang sunduin ng magulang o kung makakauwi ang bata nang mag-isa. Kinakailangan din na ipaalam sa Sentro kung ang bata ay may dadaluhang ibang programa o kurso pagkatapos—katulad ng sports, klase ng musika o band practice. Sa ilang pagkakataon, mayroong bus na maaaring sunduin ang mga bata mula sa Sentro at ihatid sa mga sports clubs nila.



Tungkol sa mga Sentro ng Aliwang Pambata

- Bukas ito mula Lunes hanggang Biyernes, pagkatapos ng regular na klase ng mga bata hanggang 5pm.
- Sarado ito sa mga araw ng mga pagdiriwang tulad ng Pasko at Semana Santa— kabilang din ang mga staff day ng paaralan at sa mga pulong ng mga magulang at guro. Bukas ang mga sentro para sa mga nakarehistrong mag-aaral ngunit sa bawat araw ng pagdalo ay may katumbas na bayad.
- Kailangang isumite ang aplikasyon para sa karagdagan ng oras sa Sentro ng Aliwang Pambata.
- Sarado ang mga sentro sa mga araw ng bakasyon tulad ng winter break, ngunit bukas ang mga Sentro ng Aliwang Pambata tuwing summer.



Paano magrehistro sa mga Sentro ng Aliwang Pambata

- Ang rehistrasyon para sa darating na taong-pampaaralan ay magsisimula sa Pebrero. Maaring magrehistro sa *Rafræn Reykjavík* (www.rafraen.reykjavik.is). Pagkatapos nito ay makakatanggap ang mga magulang ng kumpirmasyon sa Agosto. Kung may pagbabago man ay kailangang ireport sa direktor ng sentro.
- Kung hindi mairehistro ng mga magulang and anak gamit ang sa website ay maaaring sumangguni at magpatulong sa Sentro. Hindi maaaring iparehistro ang bata sa pamamagitan ng pagtawag lamang.
- Epektibo ang aplikasyon sa isang buong taong-pampaaralan (Agosto hanggang Hunyo). Kung ikakansela ang serbisyo o kailangang maglipat, kinakailangang matanggap ito mula sa ika-15 ng bawat buwan. Ang pagkakansela ay magkakabisa sa unang araw ng susunod na buwan. Maaaring isumite ang kanselasyon sa *Rafræn Reykjavík* o sa pamamagitan ng nakasulat na kahilingan na isumite sa direktor ng Sentro ng Aliwang Pambata.



Mga bayarin para sa Sentro ng Aliwang Pambata

- Ang listahan ng bayarin ay matatagpuan dito: <http://reykjavik.is/gjaldskrar/fristundaheimili-gjaldskra>
- Ang bayarin ay ayon sa kung ilang araw sa isang linggo dumadalo ang inyong anak.
- Hiwalay ang bayad para sa karagdagang serbisyo.
- Kung higit sa dalawa ang magkapatid na dumadalo dito ay mayroong 75% na diskwento para sa pangalawang anak at 100% para sa pangatlo o pang-apat na anak. Kinakailangang magkakarpareho ang nakarehistrong tahanan ng magkapatid at pareho ang mga kanilang family registration code o *fjölskyldunúmer*. Kinakailangan pa ring magbayad ng buo para sa pagkain ng bawat bata.
- Mayroong 50% na diskwento para sa mga may kapatid sa kindergarten o day care.
- Ang mga bata mula 6-18 taong gulang na sa Reykjavík ang nakarehistrong tahanan ay nakatatanggap ng *fristundakort* bawat taon. Maaaring gamitin ito bilang pambayad sa mga Sentro ng Aliwang Pambata o sa iba pang programa pagkatapos ng klase. Matatagpuan dito ang karagdagang impormasyon: <http://reykjavik.is/thjonusta/fristundakortid>.

Ang aming layunin

Na ang bawat bata ay mabigyan ng pagkakataon na linangin at pagyamanin ang sarili sa isang kapaligirang ligtas, palakaibigan at may paggalang.

Palakasin ang kanilang social skills sa pamamagitan ng mga gawain at laro.

Turuan at sanayin ang lahat ng mga manggagawa dito.



Reykjavíkurborg
Skóla- og frístundasvið